



Ang dahilan kung bakit ako naging 「Hino-jin」 !

Sa isyung ito ng Mimitaro atin nakapanayam, Si Ginoong Ban Sanyasi Nishan residente ng Hino



Sampung taon na ang nakalipas simula nung dumating ako ng Hino mula Nepal, noong ako ay 10 taon gulang. Dumating ang aking ama sa Japan 20 taon na ang nakalipas, at nang maging maayos na ang restawran na kanyang pinapatakbo (kainan ng curry), saka na niya ako pinapunta dito. Pinalaki ako ng aking lolo, kaya simula nung 2 taon gulang palang ako di ko na nakikita ang aking ama at 5 taon gulang naman ako nung sa aking ina. Kakaibang pakiramdam nung makita ko ang aking mga magulang sa Japan, naalala ko pa na sobrang kinakabahan ako lalo na halos wala akong alam sa lugar (bansa).

Sa paaralan, ako ang kauna-unahang mag aaral mula sa ibang bansa, kaya sa una ang mga titser ko ay parang natataranta, pero para sa akin ito rin ang pinakamalaking hamon ko sa buhay. Ang pinakaunang naging problema ko ay ang pananghalian sa paaralan, hindi ko makain ang kanin ng Japan masyado kase itong malagkit, kaya pansamantalang pinahintulutan akong umuwi sa bahay para mananghalian. At saka, hindi katulad ng paaralan sa Japan, sa Nepal ang pag aaral ay halos lahat nakabatay lang sa mga libro. Dito, naranasan ko sa unang pagkakataon pag aralan ang Musika at Pisikal na Edukasyon, nagulat din ako sa pagpuputol ng kahoy sa paaralan sa Sining at Paglikha. Bawat isa sa bawat karanasan ay mga bago sa akin. Sobrang sinuportahan ako ng aking guro at bumibisita siya sa bahay namin linggu-linggo upang ipaalam sa nanay ko ang mga ginagawa ko sa paaralan. At kung may mga pangyayaring, katulad ng kung napaaway ako sa kaibigan o kaya uminom ng coke sa paaralan, sasabihin niya iyon sa nanay ko at ang nanay ko naman papagalitan ako sa wikang Nepali.

Sa una, wala talaga akong halos naiintindihan na salita, kaya nakikipag usap ako sa pamamagitan ng mga flash card na may nakasulat na mga pangungusap gaya ng “Gusto kong magbanyo” at “gusto kong umuwi” kalaunan nagbukas ang paaralan ng silid-aralan para sa wikang hapon para lang sa akin. Pagkatapos nun, buong araw halos araw-araw na akong nag aral at dahil gusto ko rin na makalaro ang aking mga kaibigan kaya ginusto kong mag aral. Paunti-unti nakakapag aral na ako na kasabay ang mga klasmyt ko at nung pumasok na ako sa junyor hayskul nagulat nalang ang mga tao kung gaano na ako kagaling magsalita ng nihongo at ito ay malaking ipinagpapasalamat ko sa klase ko sa nihonggo. At isa pang ipinagpapasalamat ko din ay sa mga mabubuting tao sa komunidad.

Abala sa trabaho araw-araw ang mga magulang ko kahit na sabado at linggo, kaya nung may kaunting alam na ako sa lugar, sinimulan ko ng magbisikletang mag isa papuntang liwasan. Kadalasan habang papunta binabati ako ng mga kapitbahay naming matatanda na nagtratrabaho sa bukid, nagkukuwentuhan kami ng halos isang oras o higit pa. Minsan tinuturuan nila ako ng mga salita gaya ng “Ito ay kalabasa,” at pinapabaunan din nila ako ng mga gulay. Mayron lolo (*Ojichan*) din na mahal ako at itinuring niyang tunay na apo, sinasamahan akong kumain ng bolang kanin (*Onigiri*), ipinakita din niya sa akin kung paano tumayo gamit ang ulo at tinuruan ako ng wikang hapon, pumunta at pinanood din niya ako sa araw ng palakasan (*undokai*). Sa mga panahong iyon hindi ko magagawa lahat kung ako lamang mag isa kaya pinasalamatan ko ang lahat ng mga taong nakapaligid sa akin, Natuto na rin akong magsalita ng diyalekto, lumaki akong napamahal na sa akin ang lugar na ito, naging mabuting mamayang “*Hinojin*” at itinuring ko na rin na sariling bayan ko ang lugar na ito.

Sa junyor at senyur hayskul, sumali ako sa klab ng baseball na nakatulong sa akin na maging matatas sa magagalang na salita (*keigo*), nagkaroon ng maraming kaibigan at isang makabuluhang panahon. Ngayon hindi ko na nakikita ang sarili ko bilang dayuhan, ngunit nung mag umpisang makita ko na ang aking mga panaginip sa nihongo nung nasa pangatlong baitang ako sa junyor hayskul, parang yun ang naging daan na nakapagpabago sa akin. Dahil halos kultura lang ng Nepalese ang sinusunod sa aming tahanan, ganap kong naililipat kaagad papunta sa kultura ng Nepalese, at may mga pagkakataon din na nahihirapan ako sa pagitan ng 2 kultura. halimbawa sa japan ang mga junyor at senyur hayskul ay maaring makapagliwaliw sa gabi sa mga kaibigan na imposibleng mangyari ito sa Nepal, kung kaya minsan nagiging dahilan ito ng pagtatalo namin ng mga magulang ko. At saka kaming mga Hindu ay hindi kumakain ng bakang karne. Nakakain ako ng ibat’t ibang ulam sa pananghalian sa paaralan ngunit kalaunan ay karne ng baka lamang ang natitira sa parehong ulam gaya ng iba, at minsan napapaisip ako kung kakainin ko ba o hindi. Gayunpaman, pagkatapos akong pagsabihan ng nanay ko na “Kailangan mong kainin ito dahil hind mo ito maiiwasan habang nakatira ka sa Japan,” kaya masaya na akong nakakain ng walang labis na inaalala ito.

Pagkatapos magtapos ng hayskul, sa ngayon masaya akong nagtratrabaho sa pabrika ng pagawaan ng mga piyesa ng sasakyan Sa kabilang banda naman, plano kong pamahalaan ang restawran na pinaghirapang itaguyod ng aking ama balang araw. Kaya ngayon gusto ko munang maranasan ang totoong ikot ng mundo at pahalagahan ang ugnayan sa mga tao, Sa hinaharap, umaasa akong mapalago sa buong Shiga ang restawran ng curry ng aking ama.

Pangangalaga Serye ④

Ano ang Pamumuhay ng Junyor Hayskul sa Japan?



Sa Junyor Hayskul, maraming mga pagbabago sa nilalaman ng mga takdang-aralin at pamumuhay sa paaralan mula sa paaralang-elementarya. Hayaan ninyong ipakilala namin sa inyo ang kaunting kaalaman patungkol dito upang masaya kayong makapamuhay na walang masydong mga alalahanin sa inyong pamumuhay sa junyor hayskul!

Sa Prepektura ng Shiga, mayroong 93 na pampublikong (itinatag ng lungsod/bayan) junyor hayskul. Bilang karagdagan mayroon din pambansa, pang-prepektura, pang-pribado, pang-sapilitang-edukasyon na paaralan (pinagsamang elementarya at junyor hayskul) at mga paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan (may kapansanan). (Simula sa Abril 1, 2024)

Ang paaralan na nais mong pasukan ay pangangasiwaan ng distrito ng paaralan kung saan kayo nakatira. Kung nais ninyong pumasok sa pambansa, pang-prepektura o kaya pang-pribadong junyor hayskul kinakailangan ninyong kumuha ng pagsusulit para sa pagpasok. Para sa mga nais kumuha ng pagsusulit kinakailangan isangguni ninyo ito sa inyong mga guro simula sa nakakataas na baitang sa elementarya upang makapagdisisyon sa nais na landas ng karera.



Listahan ng mga Junyor Hayskul sa Prepektura

https://www.nionet.jp/shisetsulink/item_j_highschool.html

~Tungkol sa Pamumuhay sa Paaralan~

Q Mga anu-anong asignatura ang pag-aaralan mo sa junyor hayskul?

A Sa junyor hayskul, pinagaaralan ng mga mag aaral ang 9 asignatura (Japanese, Matematika, Araling-panlipunan, Agham, Ingles, Musika, Sining, Kalusugan, Pisikal na Edukasyon, Teknolohiya, at Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan). iba-iba ang mga guro sa bawat asignatura. Mayroong regular na pagsusulit (Pang-gitna at pang huli) 4 o kaya'y 5 beses kada taon. Bilang karagdagan, mayroon din ilang mga pagsusulit ng kasanayan na ibinibigay ng ilang beses sa isang taon, at ang resulta ng mga pagsusulit na ito ay ginagamit bilang sanggunian kapag isinasaalang-alang kung saan na senyur hayskul nais mag aral. Ang mga grado ay ibinabatay sa mga resulta ng mga regular na pagsusulit, paglahok sa klase, pagkaantala, pagliban, at pagsusumite (mga pagtala at takdang-aralin). Mahalaga rin ang pagsusuri para sa mga mag-aaral na gustong pumasok sa hayskul. Dahil ang junyor hayskul ay isang obligadong -edukasyon, walang bagsak na grado ito..

Q Ano ang mga aktibidad sa klab (*bukatsudo*)?

A Ang mga aktibidad sa klab ay boluntaryong aktibidad ng mga mag-aaral at sa pangkalahatan, malaya ang mga mag aaral na sumali sa mga nais nilang salihan. May mga isports klab (baseball, soccer, basketball, track & field, tennis, atbp.) at pang-kultural na klab (sining, bandang-pang-martsa, mga likha-kamay, drama, atbp.), at ang mga uri ng ng aktibidad ng klab ay nag-iiba-iba sa bawat paaralan. Ang mga aktibidad ay pangunahing ginagawa pagkatapos ng klase at sa mga huling araw ng linggo. Nakikipag ugnayan din sila sa mga mag aaral sa iba't ibang baitang at kung minsan ay sumasali sa mga kumpetisyon at paligsahan.



Q Mga anu-ano pa ang iba pang mga aspeto sa pamumuhay sa paaralan.

A Karamihan sa mga junyor hayskul ay may uniporme sa bawat paaralan. Ang mga uniporme sa tag-araw ay isinusuot mula Hunyo hanggang Oktubre, at ang sa tag-lamig ay mula Oktubre hanggang Hunyo. Ang uniporme sa gym ay pina-ngangasiwaan ng paaralan. Ang ilang paaralan ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na mag-komyut papasok sa paaralan sa pamamagitan ng bisikleta o tren. Ang mga magbibisikleta ay dapat may kandado ang kanilang bisikleta, magsuot ng helmet, at may seguro/insurance sa bisikleta. Sundin ang mga patakaran sa trapiko kapag papunta at pauwi sa paaralan. Mayron programang tinatawag na "linggo ng tsalenge para sa mga junyor hayskul (*Chugakusei*). Ito ay 5 araw na karanasan sa trabaho sa kanilang pang ika-2 taon sa junyor hayskul bilang isang pagkakataon upang makipag-ugnayan sa mga taong nagtatrabaho na nasa hustong gulang na at pag-isipan ang kanilang kinabukasan.

(Lahat ng pampublikong junyor hayskul sa Prepektura ng Shiga ay nag-aalok ng programang ito.)

Q Nais kong malaman ang kalagayan ng anak ko sa paaralan....

A Maaaring pag usapan ang tungkol sa pamumuhay sa paaralan at pag-aaral ng inyong anak sa panahon ng pribadong pag uusap-usap (*kojin kondan*). Sa ikatlong taon sa junyor hayskul, ang mag aaral, magulang at titser ay mag uusap-usap (*sansha mendan*) upang talakayin ang plano sa hinaharap pagkatapos ng pagtatapos at pagsusulit sa pagpasok sa senyur hayskul. Huwag mag atubiling komunsulta sa inyong guro kung kinakailangan o kung mayron mga ipinag-aalala.

Q Mga anu-anong kailangan na gastusin sa junior hayskul?

A Walang bayad para sa matrikula at mga aklat-aralin, ngunit may bayad para sa paghahanda sa pagpasok sa paaralan (uniporme, damit sa gym, swimsuit, sapatos sa gym, bag, mga gamit sa aktibidad sa klab, atbp.) at mga gastusin para sa buong taon (pagkain sa tanghalian, pandagdag na materyales, mga gamit sa paaralan, pagpamiyembro sa PTA, lakbay-aral at bayarin ng paaralan para dito, aktibidad ng Klab, mga bayarin sa pag-komyut sa paaralan, atbp.) ay kinakailangan.

※ Sistemang-tulong-pinansiyal (*Shugaku enjo seido*): Ang sistemang ito ay nagbibigay ng paunang tulong sa mga magulang ng mga mag aaral na pumapasok sa pampublikong junyor hayskul para sa mga kinakailangan gastusin para sa pagpasok sa paaralan, tulad ng mga gamit sa paaralan, mga gamit sa pag-komyut at bayarin ng pagmiyembro sa PTA. Ang mga magulang na saklaw sa proteksyon-pangkabuhayan ng gobyerno (*seikatsu hogo*) at sa mga nararapat na katulad na proteksyon. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa inyong paaralan o sa lupon ng edukasyon ng munisipalidad.

Patnubay sa pagpili ng karera pakatapos magtapos ng Junyor Hayskul

Kinakailangan talakayin ninyo at paghandaan ang tungkol sa pagpili sa landas ng karera kasama ang inyong pamilya habang maaga pa pagkatapos magtapos sa Junyor Hayskul. Kung plano ninyong magpatuloy sa senyur hayskul sumangguni sa inyong gurong tagapag-patnubay, alamin ang nais na papasukang paaralan, at dumalo sa mga pagpupulong at mga pagpapaliwanag patungkol sa impormasyon ng paaralan. Kung pipiliin mo naman na magtrabaho maari kang sumangguni sa inyong paaralan o sa pamamagitan sa tanggapan ng seguridad ng pampublikong trabaho (*HelloWork*) upang makakuha ng mga kasanayan sa Paaralang-teknikal (*Techno College*) sa Prepektura ng Shiga o sa ibang mga paaralan bago magtrabaho. Mayron din mga paaralan para sa mga espesyal na pagsasanay kung saan ang mga mag aaral ay maaring makakuha ng pam-praktikal-bokasyunal na edukasyon at espesiyalisadong teknikal na edukasyon, at saka mga paaralang nagpapahintulot sa mga mag aaral na makapag aral habang nagtrabaho, tulad ng mga senyur hayskul na nasa ilalim ng sistemang part-time (*teiji-sei*) at korespondensiyang hayskul. Hanapin ang landas ng karera na naaayon sa iyo mula sa iba't ibang opsyon.

「Patnubay na landas sa pagpili ng karera」

“Sa mga mag aaral at mga magulang nito na may dayuhang pinagmulan ”

- Petsa: Oktubre 27 (Linggo) 1:30pm - 4:00pm
- Lugar: “G-NET Shiga” Malaking bulwagan/ Large Hall (Lungsod ng Omihachiman)
- Maaring lumahok: Mga batang may dayuhang pinagmulan (mula ika-5 baitang hanggang junyor hayskul) at mga magulang/tagapag-alaga sa mga ito.

<https://www.s-i-a.or.jp/tl/events/924>



Maaring marinig ang paliwanag sa sistema ng pagsusulit at pagbabahagi ng karanasan ng mga nasa senyur hayskul na mag aaral, mayron din indibiduwal na konsultasyon at konsultasyon patungkol sa imigrasyon/bisa. May nakahandang serbisyo ng interpretasyon sa iba't ibang wika.

Para sa inyong katanungan: Shiga Intercultural Association for Globalization
Tel 077-526-0931 email mitsuda@s-i-a.or.jp

Iba't ibang Paaralan

◇ **Alternatibong Paaralan (*Free School*)** Mayron ibang mga lugar upang matuto na kakaiba sa paaralan. Nagbibigay ito ng iba't ibang pagkakataong pag aaral para sa mga batang hindi makapag aral at isang mapayapa at ligtas na lugar para sa kanila na manatili, mapa- mental at pisikal na paraan. Ang ilang mga lungsod at bayan ay nag-aalok ng mga subsidyo para sa mga batang pumapasok sa mga alternatibong paaralan, kaya mangyaring alamin sa inyong munisipal na lupon ng edukasyon.

Websayt ng Konseho ng Pakikipag-ugnayan ng Alternatibong Paaralan sa Prepektura ng Shiga →

<https://www.shigafs.org/>



◇ **Online na Pag-aaral para sa mga batang may dayuhang pinagmulan**

- ABC Free School Suportang pag aaral sa mga dayuhang mag aaral para pagpasok sa senyur hayskul sa Japan. Online na pag aaral. (may bayad)
- NICO PROJECT / YSC Global School Pag aaral sa Online ng mga takdang-aralin sa wikang hapon mula sa mga eksperto. (may bayad)

◇ **Ang Panggabing Junyor Hayskul (*Yakan Chugaku*)** ay para doon sa mga mag aaral na lumagpas na sa edad para sa sapilitang-edukasyon (15 taon gulang) na hindi nakumpleto ang Junyor Hayskul na pag aaral o hindi nagkaroon ng sapat na pag aaral sa iba't ibang kadahilanan, gaya ng hindi pumapasok sa paaralan.

- 5 araw sa isang linggo (Lunes hanggang Biyernes). 4 na oras ang klase kada araw.
- 9 na Asignatura sa Junyor Hayskul ang pag aaralan lahat.
- Pagkatapos makapagtapos makakatanggap ng Junyor Hayskul na Diploma ang mga mag aaral.
- Libre ang aklat-aralin at matrikula (maaring may bayad ang mga materyales sa pag aaral)

Sa Abril 2025, magbubukas ang panggabing Junyor Hayskul sa Lungsod ng Konan sa Lalawigan ng Shiga.

Kung nakatira sa Lalawigan ng Shiga o nagtatrabaho sa Lungsod ng Konan at nais na pumasok, mangyaring dumalo sa isang sesyon ng impormasyon sa ika-25 ng Oktubre (Biyernes) mula 6:00 p.m.

Paraan ng aplikasyon: Websayt (QR Code) / katapusang- araw ng aplikasyon: Oktubre 21 (Lunes) →

Sanggunian: Lupon ng Edukasyon sa Lungsod ng Konan, Sangay ng Edukasyon Pampaaralan Tel 0748-77-7011



★kung mayron kayong ipinagaalala ,mangyaring komunsulta sa Paaralan!★

Maraming mga sulat ang ipinamamahagi mula sa paaralan, Kung hindi maintindihan magtanong sa inyong guro at humiling ng interpreter sa oras ng pagpupulong. Kung may mga katanungan o suliranin mangyaring sumangguni sa inyong guro o sa tagapayo ng paaralan.

- Saan maaring komunsulta ang mga bata sa labas ng paaralan

Mangyaring makipag ugnayan sa amin kung may pinoproblema patungkol sa inyong sarili, kaibigan, inyong pamilya at sa mga iba pang mga bagay.

Kodomo no Jinken hyakutoban/110	0120-007-110	Lunes~Biyernes 8:30am-5:15pm
Child Line	0120-99-7777	Araw-araw 4:00pm-9:00pm
24 Jikan Kodomo SOS Diyál	0120-0-78310	24 Oras (may serbisyo din sa pagtatapos at pag uumpisa ng taon.)

Balita mula sa Mimitaro



Sistemang-pagsasamang-panunumpa sa Prepektura ng Shiga (simula Setyembre 2)

Bagama't hindi legal na kinikilala ang kasal ng magkaparehong kasarian, ang sistemang ito ay nagbibigay ng pahintulot sa 2 tao na ipahayag ang kanilang hangarin na magsama na may magkaayong kooperasyon at pagpatuloy sa sinumpaang pangako kung saan ang isa o ang magka-partner ay nasa hanay ng seksuwal na minoritya. Kikilalanin ng prepektura ang kanilang pagpapahayag at maglalabas ng sertipiko. Kailangan ng paunang reserbasyon para sa pagpapahayag.

[Info] Sangay ng Pagtataguyod sa Kalayaang-sibil sa Prepektura ng Shiga



(Shiga-ken Jinken Shisaku Suishin-ka) <https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kurashi/zinken/338394.html>

Wikang Hapon: Tel 077-528-3533

Wikang Banyaga: Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente sa Prepektura ng Shiga (Shiga Gaikokujin Soudan Center) Tel 077-523-5646

◆ Araw para sa konsultasyong-administratibo

Maari kayong komunsulta sa mga espesyalista patungkol sa iba't ibang problemang kinakaharap ninyo sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay.

(kailangan ng maagang reserbasyon)

- Otsu, Oktubre 16 (Miy) 10:30am-4:00pm
Otsu Biwako Godo-chosha 1F, shared meeting room1
- Takashima Oktubre 18 (Biy) 1:00pm-3:30pm
Imazu Higashi Community Center 3F, Large Hall
- Nagahama, Maibara Oktubre 24 (Huw) 1:00pm-4:00pm
Nagahama City Hall 1F Multi-purpose room
- Konan, Koka Oktubre 30 (Miy) 1:00pm-4:00pm
Kocopia (sa loob ng Aeon Town sa Konan)
- Hikone Nob. 6 (Miy) 1:00pm-3:30pm
Vivacity Hikone

Mga kalahok na organisasyon: Legal Affairs Bureau, Labor Bureau, Pension Office, Judicial Scrivener, Administrative Scrivener, Tax accountant, administrative Consultant, atbp.

[Info] Sentro ng Konsultasyon-Administratibo

(Gyosei Sodan Center) Tel 077-523-1100

◆ Pinagsamang konsultasyon sa mga espesyalista para sa mga dayuhan

Maaari kang sumangguni para sa iba't ibang isyu tulad ng paninirahan, paggawa, pamumuhay, karapatang pantao, atbp, Harapang konsultasyon / May tagasalin-wika / 30 minuto bawat tao / Simula ng reserbasyon ay mula Nobyembre

Petsa at oras: Disyembre 5 (Huw) 1:00pm-5:00pm

Lokasyon: Otsu Biwako Godo-chosha 1F, meeting room

(Otsu Biwako Godo Chosha 1-kai kyoyo kaigishitsu)

Itinataguyod : Osaka Regional Immigration and Residency Management Bureau

Wikang Hapon: Tel 0570-064259→410

Wikang Banyaga:

Sentro ng Impormasyon para sa <https://www.moj.go.jp/isa/supp/ort/fresc/fresc01.html?hl=tl>

mga Dayuhang Residente sa Prepektura ng Shiga

(Shiga Gaikokujin Soudan Center) Tel 077-523-5646



Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (Shiga Intercultural Association for Globalization) Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601 email : mimitaro@s-i-a.or.jp

◆ Tungkol sa pagpapalawak ng saklaw ng segurong panlipunan/shakai hoken

Simula Oktubre, ang mga part-timer na manggagawa na nagtrabaho sa mga kumpanyang may 51 o higit pang empleyado ay maaari ng pumisan sa segurong-panlipunan (segurong- pensiyon at segurong pang-kalusugan ng mga manggagawa)

Kondisyon sa paglahok: May 20 oras o higit pa na pagtrabaho/bawat linggo/ May buwanang sahod na 88,000yen o higit pa/ Nagtatrabaho ng mahigit sa 2 buwan na/Hindi estudyante.



<https://www.mhlw.go.jp/tekiyoukakudai/index.html>

◆ Paggamit ng Number Card (My number Card) para sa Kard ng Segurong-Panlipunan

Noong ika-2 ng Disyembre, ang mga bagong ipapalabas na mga kasalukuyang kard ng segurong-pangkalusugan ay ipapawalang bisa at ang sistema sa paggamit ay papalitan at ililipat sa Indibiduwal Number Card bilang pamantayan ng segurong-pangkalusugan na magagamit sa mga munisipyo, institusyong-medikal at botika. Mayroon mga hakbanging nagpapahintulot sa bisa ng paggamit sa kard ng hanggang isang taon, ngunit ang ipinalabas na kard ng seguro ay mawawalan ng bisa kung lumampas na sa petsa ng paggamit nito o kaya kung may mga pagbabago sa taong nakaseguro.

Impormasyon sa Mimitaro

◆ Espesyal na Eksibisyon “Dynamic Asian Ceramics: Koleksiyon ng mga Pinakamahusay na gawa sa Museo ng Lungsod ng Machida” Hanggang Disyembre 8

(Linggo)

Shigaraki Ceramic Cultural Park

Museum of Contemporary Ceramic

(Shiga Kenritsu Tougei no Mori Tougei-kan)

2188-7 Chokushi, Shigaraki-cho, Koka-shi



◆ Eksibisyon ng Pintura sa Aisho (Aisho Kaigaten)

Oktubre 12 (Sab) hanggang ika-20 (Lin)

Aisho Town Hearty Center Hatasho Medium Hall

(Aisho-choritsu Hearty Center Hatasho Chu-Horu)

822 Abiko Aisho-cho Echi-gun

◆ Hachimanbori Matsuri Week

Oktubre 12 (Sab) - Oktubre 26 (Sab)

Sa paligid ng Hachimanbori,

9-1 Ishinchomoto Omihachiman-shi

◆ Ishiyamadera Autumn Foliage Light-up

Nobyembre 15 (Biy) - Disyembre 1 (Lin)

1-1-1 Ishiyamadera Otsu-shi



◆ Mt. Hiei Enryakuji Temple “Oni Oi Shiki (pagtaboy sa mga diyablo)”

Disyembre 31 (Mar)

4220 Sakamoto Honmachi Otsu-shi

<https://ja.biwako-visitors.jp/event/detail/41>



Paumahin at Pagwawasto

Sa pahina 2 ng Mimitaro blg. 152 nagkaroon po ng pagkakamali sa oras na naitala sa oras ng serbisyo ng Konan City Hall Jinken Yogo-ka. Humihingi po kami ng paumahin. 9:00am-4:00pm → Tamang oras ay 8:30am-5:15pm.

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa Buwan ng Enero